



Disaster Supplemental Nutrition Assistance Program (D-SNAP)

- Sa pamamagitan ng Disaster Supplemental Nutrition Assistance Program (D-SNAP), ang Food and Nutrition Service (FNS) ay mabilis na makakapag-alok ng panandaliang mga benepisyo ng tulong sa pagkain sa mga pamilyang nagdurusa sa panahon ng disastro.
- Ang mga karapat-dapat na sambahayan ay tumatanggap ng isang buwan ng mga benepisyo, katumbas ng pinakamataas na halaga ng mga benepisyo na karaniwang ibinibigay sa isang sambahayan ng Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP) na kasing laki nila. Ang mga benepisyo ay ibinibigay sa pamamagitan ng electronic benefits transfer (EBT) card, na maaaring gamitin upang bumili ng pagkain sa karamihan ng mga tindahan ng groseria.
- Sa pamamagitan ng D-SNAP, ang mga apektadong sambahayan ay gumagamit ng pinasimpleng aplikasyon. Ang mga benepisyo ng D-SNAP ay ibinibigay sa mga karapat-dapat na aplikante sa loob ng 72 oras ng pag-apruba, pagpapabilis ng tulong sa mga biktima ng disastro at pagbabawas ng administratibong pasanin sa mga ahensya ng State na tumatakbo sa mga kondisyon pagkatapos ng disastro.
- Ang mga sambahayan na karaniwang hindi karapat-dapat para sa SNAP ay maaaring maging kwalipikado para sa D-SNAP bilang resulta ng kanilang mga gastos na nauugnay sa disastro, tulad ng pagkawala ng kita, pinsala sa ari-arian, mga gastos sa relokasyon, at, sa ilang mga kaso, pagkawala ng pagkain dahil sa pagkawala ng kuryente.
- Kapag ang mga States ay nagpapatakbo ng isang D-SNAP, ang mga patuloy na kliyente ng SNAP ay maaari ding makatanggap ng tulong sa pagkain sa sakuna. Ang mga sambahayan na may mga pagkalugi sa disastro na ang mga benepisyo ng SNAP ay mas mababa sa buwanang maksimum ay maaaring humiling ng suplemento. Dinadala ng suplemento ang kanilang mga benepisyo hanggang sa maksimum para sa laki ng sambahayan. Nagbibigay ito ng ekwidad sa pagitan ng mga sambahayan ng D-SNAP at mga sambahayan ng SNAP na tumatanggap ng tulong sa disastro.
- Inaaprubahan ng FNS ang mga operasyon ng D-SNAP sa isang apektadong lugar sa ilalim ng awtoridad ng Robert T. Stafford Disaster Relief at Emergency Assistance Act kapag nakatanggap ang lugar ng Presidential disaster declaration sa Individual Assistance (IA) mula sa Federal Emergency Management Agency (FEMA).
- Ang mga ahensya ng State ay humihiling ng pag-apruba ng FNS upang magpatakbo ng isang D-SNAP sa loob ng lugar ng sakuna. Inaprubahan ng FNS ang mga pagpapatakbo ng programa para sa isang limitadong yugto ng panahon (karaniwang hanggang 7 araw) kung saan maaaring tanggapin ng ahensya ng State ang mga aplikasyon ng D-SNAP.

Ang USDA ay isang tagapagbigay ng pantay na pagkakataon at tagapag-employo